Mejedin R. Tena

# Isang Pag-unawa sa Pananaw ng mga Piling Dalubguro Kaugnay ng Pagsasabay ng Pagtatrabaho at Pag-aaral ng Ilang mga Estudyante

**ABSTRAK**

Sinusuri ng pag-aaral na ito ang pananaw ng mga piling dalubguro sa isang pamantasan sa Maynila hinggil sa mga estudyanteng sabay na nagtatrabaho at nag-aaral. Gumamit ito ng kwalitatibong disenyo upang makakalap ng salaysay mula sa 15 dalubguro na may karanasan sa pagtuturo sa mga estudyanteng may ganitong sitwasyon. Ginamit ang McDonaldization ni Ritzer at Emotional Labor ni Hochschild bilang mga teoretikal na lente upang unawain kung paano nagtutunggali ang mga konsepto efficiency, calculability, predictability, control, at emotional labor sa paghubog ng pananaw ng mga dalubguro. Lumabas sa pag-aaral na mayroong kontradiktoryong pananaw ang mga guro. Ang ilan ay nagpapakita ng empatiya at paghanga sa mga working student at nananawagan ng mas makataong pagtuturo, habang ang iba ay naninindigan sa mga pamantayang teknikal ng akademya. Natukoy rin na ang edad, karanasan sa pagtuturo, antas ng edukasyon, at personal na karanasan ng guro ay may epekto sa kanilang pananaw. Bagama't umiiral ang mga pamantayang McDonaldized sa edukasyon, may mga guro na ang mas pinipiling mag lapat ng emotional labor upang lumilihis sa ganitong sistema at nagmumungkahi ng inklusibong polisiya at suporta sa kalusugang mental. Inirerekomenda ng pananaliksik ang pagbibigay sa mga guro ng mas maraming pagsasanay at espasyo upang makabuo ng makatao, patas, at responsableng pedagohiya na tumutugon sa tunay na kalagayan ng mga estudyanteng sabay na nagtatrabaho at nag-aaral.

**ABSTRACT**

This study examines the perspectives of selected faculty members in a university in Manila regarding students who work while studying. It employed a qualitative case study design to gather narratives from 15 faculty members with experience teaching working students. The study used Ritzer's theory of McDonaldization and Hochschild's Emotional Labor as its frameworks, analyzing how the principles of efficiency, calculability, predictability, control, and emotional labor shape or influence teachers' views. Findings revealed contrasting perspectives. Some faculty express empathy and admiration toward working students and advocate for humane, context-sensitive approaches, while others emphasize adherence to rigid academic standards. Teachers' views were also found to be shaped by personal and professional factors such as age, years of teaching experience, educational attainment, and whether they themselves had once worked while studying. Despite the presence of McDonaldized structures in education, some teachers exercised emotional labor and resist the system's mechanistic logic and propose inclusive policies and mental health support. The study recommends equipping teachers with training, dialogue, and institutional support to develop humane, equitable, and socially responsive pedagogical practices that reflect the realities of students who juggle both work and education.

**Keywords:** *Pananaw ng Guro, McDonaldization, Pedagohiya, Trabaho, Emotional Labor*

**INTRODUKSYON**

Ang kasalukuyang katangian ng edukasyon sa Pilipinas ay mabilis na nagbabago dulot ng pag unlad ng mga teknolohiya sa nagdaang mga dekada (Bantillo & Ngag, 2024). Kasabay nito ang pagkakakaroon ng pandemya ay nagtulak din ng panibagong kaayusan sa porma ng pag-aaral sa bansa. Natulak ang ilang mga industriya ng paggawa sa bansa na magbago dahil dito, kung saan isa sa bawat apat na mga establishamento ang nagpatupad reporma sa kaayusan sa paggawa (Philippine Statistics Authority, 2024). Ang nagdaang pandemya ay nagdulot ng matinding kahirapan lalo na sa mga maralitang komonidad dahil sa mga paghihigpit na ipinatupad noong panahon na ito (Fallesen, 2021). Dahil sa mga pangyayaring nabanggit, at bagama't hindi na bago, maraming mga estudyante ang napipilitang maghanapbuhay habang nag-aaral upang matustusan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan, matulungan ang kanilang magulang, o magkaroon ng kakayanan na pondohan ang kanilang sariling edukasyon.

Ang mga pagtatrabaho habang nag-aaral ay nagdudulot ng malaking na hamon sa oras, enerhiya, at pokus pang akademiko. Ayon sa ilang pananaliksik, ang mga estudyanteng nagtatrabaho habang nag-aaral ay may kahirapan sa pagbabalanse ng kanilang mga prioridad, ngunit ang pangunahing dahilan ng kanilang stress ay mas idinudulot ng mga gawaing pang-akademiko kaysa sa kanilang trabaho (Draghici & Cazan, 2022; Ampofo et al., 2025). Sa kabila nito, mayroon ding mga mag-aaral na nagagawang gampanan ang nang maayos ang pag-aaral kahit na nagtatrabaho (Candelasa et al., 2024). Ito ay sumasalamin sa magkakaibang kontekso na kinapapalooban ng mga estudyanteng nagtatrabaho.

Limitadong pananaliksik pa lamang ang nailulunsad kaugnay ng pag-unawa sa pananaw ng mga dalubguro sa pagganap sa tungkuling akademiko ng mga estudyanteng may mga hamon sa buhay, katulad ng mga estudyanteng nagtatrabaho. May pagkilala ang dalubguro sa ginagampanang papel ng demograpikong katangian ng estudyante sa kanilang pagganap sa gawaing akademiko (Bonefeld et al., 2021; Keller, 2024). Sa isang pananaliksik, nakita ni Keller (2024) na ang mga guro sa nagtuturo sa mga silid-aralan na may mataas ng bilang ng mga estudyanteng nasa laylayan o mahihirap ay may mas mababang kakayanang pang-akademiko kumpara sa mga guro na nasa silid-aralan na may mas kaunting mahihirap na estudyante.

Sa isa namang pagnanaliksik, naipakita na ang kakulangan sa espesyal na pagsasanay sa mga guro para sa pagtuturo sa mga estudyanteng nasa laylayan ang nagdudulot upang magkaroon ng negatibong pananaw sila dito at pakitunguhan sila bilang mga estudyanteng problematiko (Levi-Sudai & Neagu, 2022). Samantala, mayroon naman na mga guro na ang kanilang pananaw ay nagiging positibo kapag ang mga estudyante ay may positibong paggampan sa gawain (Timmermans et al., 2016). Mahalaga na maunawaan ang pananaw ng mga dalubguro dahil ito ay gumagampan ng malaking papel upang marandaman na hindi sila nahihiwalay sa mga regular na estudyante (Makoelle, 2022).

Sa kontekstong ito, ang pananaw ng mga dalubgoru ang nakapahalaga dahil sila ang direktang nakikisalamuha ng mga estudyanteng nagtatrabaho habang nag-aaral. Ang mga dalubguro ay masasabi nating may malalim na pagtasa hindi lamang sa akademikong kakayahan ng kanilang mga estudyante, kundi pati na rin sa kanilang mga motibasyon at personal na kalagayan. Sila ang nakakakita kung paano naaapektuhan ng trabaho ang pagganap ng mga mag-aaral sa klase, ang kanilang partisipasyon sa mga gawain, at kahit ang kanilang pisikal at emosyonal na kalusugan. Sa pamamagitan ng kanilang mga obserbasyon at karanasan, maaari na mahubog sa kanila ang mga positibo o negatibong pananaw sa pagsasabay ng trabaho at pag-aaral, pati na rin ang mga pananaw maaaring

imungkahi upang maging mas epektibo ang pagbabalanse ng mga mag-aaral sa kanilang mga tungkulin.

Ang pananaliksik na ito ay partikular na magsusuri sa pananaw ng mga piling dalubguro sa isang pamantasan sa Maynila upang masusing masaliksik ang isyung ito. Layunin ng pananaliksik na ilarawan kung paano nakikita ng mga guro ang pagiging *working student* ng ilan sa mga estudyante nila. Bukod dito, nais din nitong alamin kung anong mga ang mga maaari nilang imungkahi upang pakitunguhan ang mga estudyanteng nasa ganitong sitwasyon.

Mahalagang kilalanin na ang pagsasabay ng pag-aaral at pagtatrabaho ay hindi lamang isang personal na pagsubok ng mga estudyante kundi isang sistemikong isyu na nangangailangan ng kolektibong tugon mula sa institusyon, sa kaguruan, at lipunan. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa pananaw ng mga dalubguro, maaaring mabuo ang mga programa at polisiya na magpapadali sa buhay akademiko at propesyonal ng mga dalubguro, at upang sa kabila ng mga paghihirap ng estudyante, sila ay magtagumpay sa kanilang piniling larangan.

*Teoretikal na Balangkas*

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng magkatunggaling teorya ng *McDonaldization* at *Emotional Labor* bilang teoretikal na balangkas ng pananaliksik. Ang McDonaldization ay isang sosyolohikal na konsepto na binuo ni George Ritzer (1993). Ito ay tumutukoy sa proseso kung saan ang mga prinsipyo ng industriya ng *fast-food* ay lumalaganap at nagiging dominante sa iba't ibang aspeto ng lipunan, kabilang ang edukasyon at trabaho (Ritzer, 2011). Sa kontekstong ito, ang mga dalubguro ay maaring may mga nahuhubog na negatibong pananaw sa mga estudyanteng pinagsasabay ang pag-aaral at pagtatrabaho, sapagkat taliwas ito sa mga pamantayang na-internalisa na sa ilalim ng sistema ng edukasyon sa bansa.

Ang isa sa mga mahahalagang konsepto ng teoryang ito ay usapin ng *Efficiency.* Ang prinsipyo nito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan na magkaroon ng pinakamabilis at pinaka-produktibong pamamaraan upang makamit ang isang layunin (Ritzer, 2011). Maaari nating makita ang manipestasyon nito sa kung papaanong ang mga iskedyul ng klase ay mahigpit na ipinatutupad (Azim et al., 2021). Para sa mga dalubguro, ang isang ideyal na estudyante ay iyong mayroong sapat na oras upang tutukan ang kanyang mga asignatura, dumalo nang regular sa mga klase, at dapat hindi nahuhuli sa mga asignatura. Subalit, para sa ilang mga estudyanteng kailangang sabay na magtrabaho at mag-aral,

ang *efficiency* ay mahirap makamit. Kadalasang nahahati ang kanilang mga oras, lakas, atensyon, at pag-iisip sa iba't ibang mga bagay. Isa itong realidad na madalas hindi naiisaalang-alang sa isang standardized na sistema ng edukasyon. Ang mga kondisyon na katulad nito ay maaaring maghulma o makaapekto sa pananaw ng ilang mga dalubguro, dahil ito sa hindi lamang simpleng personal na pagtingin kundi dahil na rin sa sistematikong kahingian ng institusyong itinutulak ang bilis at simpleng sistema (Loboda & Welskop, 2023).

Bukod sa *Efficiency*, isa pang mahalagang konsepto na ipinakilala ni Ritzer (2011) ay ang konsepto ng *Calculability*. Ito ay nakatuon sa pagbibigay-halaga sa dami ng output sa halip na sa kalidad. Ito ay kinakatawan ng umiiral na sistema ng pagbibigay ng marka, ng mga tala ng pagdalo sa klase, at ang bilang ng mga naipasang mga kinakailangang *outputs* (Azim et al., 2021). Ito ang mga karaniwang ginagamit na pamantayan ng mga dalubguro upang sukatin at suriin ang *pagtupad* ng mga estudyante.

Sa mga estudyanteng pinagsasabay ang pag-aaral at paggawa, ang mga numerikal na sukatan ay kadalasang hindi nagiging sapat upang ipakita ang kanilang tunay na pagsusumikap o progreso bilang mga indibiwal. Maaaring mas mababa ang kanilang pwedeng makuhang marka o kaya naman ay maging kulang sa araw na kayang dumalo sa mga klase, subalit ang mga ito ay maaaring hindi dahil sa kakulangan ng interes kundi sa limitasyon ng oras at kawalan ng mental at pisikal na kapasidad (Loboda & Welksop, 2023). Dahil dito, ang ilang mga dalubguro ay maaaring magkaroon ng mga pagpanig, na hindi nakikita o nauunawaan ang mas malalim na kontekso sa likod ng mababang kalidad ng pagganap ng mga estudyante.

Ipinaliwanag ni Ritzer (2011) na sa isang kalkuladong sistema ng isang lipunan, maaaring mas binibigyang-halaga dito ang bilang kaysa sa kalidad. Ang ganitong pagtingin ay nagdudulot ng presyur hindi lamang sa mga estudyante kundi maging sa hanay ng mga dalubguro na kinakailangang ipakita na sumusunod sila sa isang *standardized* na pagtatasa sa kanilang klase sa institusyon na nagtatakda ng *standardized* na metriko (Paulsrud & Nilhom, 2020). Ito ay bahagi ng mga salik na nakakaapekto sa pananaw ng mga dalubguro.

Isa pa sa mga konsepto na ipinakilala ni Ritzer (2011) ay ang *Predictability*. Ito ay tumutukoy sa pagsusumikap ng sistema na gawing magkakapareho ang karanasan ng bawat isa. Sa ilalim ng isang *predictable* na sistema ng edukasyon, nagiging mekanikal ang takbo ng klase. Nagkakaroon ng mga mekanismo kung saan mayroon sinusundan na *syllabus*, mga *deadlines*, at mga *learning outcomes*

(Azim et al., 2021). Ayon kay Ritzer (2011), ang *Predictability* ay isang pamamaraan upang gawing mas madaling pamahalaan ang isang sistema.

Ang mga estudyante na pinagsasabay ang pagtatrabaho at pag-aaral ay hindi laging *predictable*. May mga pagkakataon na hindi sila nakakapasok, hindi agad nakakagawa ng mga asignatura, at iba pa. Sa mga ganitong kalagayan, sila ay madalas na makikita sa mata ng mga dalubguro bilang mga pabaya. Ang mga dalubguro ay may pangangailangan din na magpanatili ng kaayusan at ritmo sa loob ng klase. Kaya sa prosesong ito, maaaring mawalan ng pasenya o ng simpatya ang dalubguro sa mga estudyanteng hindi pumapaloob sa pagiging *predictable*.

At ang panghuli na kosepto ay ang *Control.* Ito ay karaniwang ipinapatupad sa pamamagitan ng sistema kung saan hindi kabilang ang direktang kontrol sa mga indibidwal kundi sa pamamagitan ng teknolohiya at ng mga mahihigpit na mga alituntunin (Ritzer, 2021). Sa loob ng edukasyon, ito ay maaari nating makita sa mga anyo tulad ng mga polisiya ng mga institusyon, sistema ng pagbibigay ng grado, at iba pang mga kahalintulad na mga proseso at gabay (Azim et al., 2021). Ang mga magkakaroon ng problema sa pagganap sa pang-akademikong gawain ay nahuhusgahang walang kakayanang ayusin ang paggamit nila sa oras (Loboda & Welskop, 2023).

Sa kabilang banda, ang teorya ni Arlie Hoshschild (1983) hinggil sa *Emotional Labor* ay gumagabay kung paano pinamamahalaan ng mga dalubguro ang kanilang personal na nararandaman. Ang *Emotional Labor* ay tumutukoy sa proses ng pamamahala ng emosyon upang makasunod sa inaasang imahe ng propesyong kinabibilangan ng isang indibidwal (Hoshschild, 1983). Ang mga dalubguro, bilang nasa ilalim ng sistemang McDonalized, ay nasa isalim ng presyur na magpakita ng empatiya, pasensya, konsiderasyon, at propersyonalismo kahit pa sila mismo ay nakararanas ng pagod, pagkadismaya at iba pa. Sa kanilang papel bilang tagapagturo at gabay ng mga estudyanteng nagtatrabaho, kinakailangan nilang magbalanse sa pagitan ng pagiging makatao at ng pagtupad sa mga pamantayang ibinababa ng mga institusyon.

Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ang *Emotional Labor* ni Hoshschild ay nagsisilbing panimbang sa McDonaldization ni Ritzer. Ipinapakita nito na sa kabila ng pag-iral ng sistema na labis na rasyunalisado at makanikal, ang mga dalubguro pa rin ay mayroong pagsusumikap na panatilihin ang ugnayang makatao sa loob ng silid-aralan. Ang *Emotional Labor* ay kumakatawan sa isang nakatago ngunit mahalagang pamamaraan ng mga dalubguro upang tumaliwas sa rasyunalisasyon ng sistema ng edukasyon. Ito ay kumakatawan sa pagsisikap ng mga dalubguro na

panatilihin ang malasakit at kahulugan ng pagtuturo sa gitna ng isang sistemang binabalot ng mekanikal na pamantayan at kontrol. Gamit ang dalawang teorya na ito, gagabayan nito ang interpretasyon ng mga pahayag ng mga dalubguro sa kanilang mga kwento.

**Metodolohiya**

*Disenyo ng Pananaliksik*

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong pamamaraan na nakatuon sa pag-unawa sa pananaw ng mga dalubguro sa isang pamantasan sa Maynila kaugnay ng mga working student. Pinili ang deskriptibong case study approach upang masusing mailarawan ang mga karanasan, pananaw, at mungkahi ng mga guro sa konteksto ng kanilang institusyon. Bilang pagkilala sa katutubong paraan ng pananaliksik, ginamit sa pag-aaral na ito ng ang pakikipagkwentuhan sa mga dalubguro na mayroon o nagkaroon estudyanteng nagtatrabaho sa nagdaang 12 buwan mula sa panahon na maganap ang pakikipagkwentuhan. Sa pamamaraan ng pakikinig sa mga kwento ng dalubguro, mailalapat ang isa sa mga katutubong pamamamaraan ng pagkalap ng datos at mas lalo pang matiyak na ang mga boses ng mga kalahok ay makapagbigay ng makabuluhang datos nang may paggalang sa kanilang kultura, konteksto, nararandaman at karanasan.

*Mga Kalahok*

Nagkaroon ng 15 dalubguro, bilang mga kalahok sa pananaliksik, na mula sa iba't ibang departamento sa isang Pamantasan sa Maynila. Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling.* Ang *purposive sampling* ay isang uri ng *non-probability sampling*, kung saan hindi ito nakabase sa pantay na pagkakataon na mapili bilang kalahok sa pagnanaliksik, ngunit mas nakatoon ito sa mga kwalipikasyon na kinakailangan upang masabing naaayon sila na pagmulan ng mga kwento . Ang *purposive sampling* ay akma sa mga pananaliksik na naglalayong makuha ang datos mula mga kalahok na may partikular na katangian o kaalaman na susi sa pag sagot sa tanong ng pananaliksik (Andrade, 2021). Dahil dito, kinilala ang mga dalubguro na ito batay sa mga sumusunod na pamantayan: una, may hindi bababa sa dalawang taon ng karanasan sa pagtuturo sa kolehiyo; pangalawa, may kamalayan hinggil sa pagkakaroon ng estudyanteng nagtatrabaho habang nag-aaral sa kursong itinuro; at pangatlo, bukas sa pagbabahagi ng kanilang pananaw sa pamamagitan ng mga kwento at talakayan.

*Paraan ng Paglikom ng Datos*

Ginamit ang katutubong metodo ng pakikipagkwentuhan bilang pangunahing pamamaraan sa paglikom ng datos. Ang pagpili ng paraang ito ay may layuning hindi lamang makuha ang saloobin at karanasan ng mga kalahok, kundi upang kilalanin ang konteksto na kinabibilangan ng mga dalubguro na siyang tagapagbahagi ng pananaw. Bagama't matagal nang napatunayan ng ilang mga pananaliksik ang angkop na gamit nito upang unawain ang danas ng mga Pilipino, meron pa ring mga ilang akademikong nagkakaroon ng pagdududa sa pagiging siyentipiko nito (Sevilla, 1978). Ganoon pa man, ang paggamit ng mga pamamaraang ito ay nakaugat sa hangaring maging makabuluhan at lokalisado ang pananaliksik at tumataliwas sa makadayuhang orientasyon ng pagkalap ng datos.

Ang pakikipagkwentuhan ay higit pa sa simpleng panayam. Ito ay isang organikong interaksiyon ng dalawang taong may layuning magbahaginan ng karanasan at damdamin sa isang bukas at magaan na usapan (Hugh-Jones, 2010). Sa ganitong pamamaraan, ang mananaliksik at ang kalahok ay pumapasok sa isang ugnayang batay sa tiwala at pag-unawa. Dahil sa isa ring dalubguro ang mananaliksik, mas naging bukas ang kwentuhan dahil sa may kapareho na karanasan ang mananaliksik at ang mga kabahagi ng pananaliksik.

Isinagawa ang pakikipagkwentuhan sa pamamagitan ng isahang panayam sa bawat dalubguro, na tumagal ng humigit-kumulang 40 hanggang 70 minuto. Bagamat may inihandang gabay, binigyang-kalayaan ang mga kalahok na ilahad ang kanilang karanasan at nararandaman sa paraang komportable sa kanila at sa direksyong nais nilang tahakin. Sa panahong napapansin ng mananaliksik na hindi nagiging komportable sa kalagayan ng kapaligiran ang dalubguro, o lumalayo na ang kwento sa layunin ng pananaliksik, gumagawa ito ng hakbang upang maibalik sa orihinal na paksa ang talakayan. Ang layunin nito ay makuha ang buod ng kanilang kwento sa isang paraan na hindi sapilitan, kundi kusa at bukas sa loob. Ang kwento-bilang-datos ay tumutulong sa paglalantad ng mga mas malalim na saloobin, mga hindi madalas na nasasabi sa pormal na panayam, at mga karanasang may personal at panlipunang kabuluhan.

*Pagsusuri ng Datos*

Ang pagsusuri ng datos sa pananaliksik na ito ay isinagawa sa paraang tematiko upang masinsin na matasa ang datos mula sa katutubong metodolohikal na balangkas ng pakikipagkwentuhan. Layunin ng pamamaraang ito na hindi lamang ihiwalay at pangalanan ang mga paulit-ulit na tema sa mga

salaysay, kundi bigyang saysay ang karanasan ng mga kalahok batay sa kanilang sariling pananaw at damdamin.

Sa panahon na matapos ang pakikipagkwentuhan, kagyat isinagawa ang masinsin at literal na transkripsyon ng mga usapan. Ito ay para makita agad ng mananaliksik ang mga anggulo na dapat pang maisaalang-alang para sa mga susunod na talakayan. Ginamit ang orihinal na wika ng mga kalahok, kung saan ang lahat ay komportable sa wikang Filipino. Ito ay upang mapanatili ang diwa ng kanilang salaysay. Pinili at itinala ang bawat salitang ibinahagi nila upang hindi masala o maputol ang mga pananaw, at pahiwatig sa kanilang mga kwento. Paulit-ulit na binasa at pinakinggan ng mananaliksik ang mga kwento upang makiramdam sa kabuuan at kabigatan ng karanasan ng mga kalahok. Sa yugtong ito, ang layunin ay hindi agad magbigay ng kagyat na interpretasyon ng tema kundi malalimang unawain ang mga konteksto mula sa kanilang boses at emosyon habang nagkukwento.

Pagkatapos ng malaliman na pamilyarisasyon sa datos, isinagawa naman ang pagbibigay ng koda upang ang mga salita na ibinahagi ng mga kalahok ay magamit bilang mga kategorya o panimulang tema. Ang mga transkrip ay manu-manong sinuri batay sa salitang may mataas na kabuluhan sa pananaliksik. Layunin ng pamamaraan na ito na mapanatili na nakatuon sa kontekstong kinapapalooban ng mga dalubguro ang kanilang mga salaysay. Kaya naman, bukod sa mga paulit-ulit na salitang nababanggit, mas lalong binibigyang-diin ang mga tinig na kadalasang hindi naririnig mula sa mga dominanteng naratibo. Ang mga salitang nakuha ay nagsilbing panimulang tema na pinagbatayan ng mas malalim na interpretasyon.

Lumikha ang pananaliksik ng iba't ibang uri nang pagbibigay ng koda upang mas suriin ang datos. Unang ginagamit na koda ay ang tinatawag na *descriptive coding*. Dito, isinasalarawan ang kalagayan ng mga kalahok at kanilang kagyat na pananaw o nararandaman (Gibbs, 2007). Pangalawa, ang *process coding* ay ginamit din upang matukoy ang mga hakbangin ng mga kalahok upang pakitunguhan ang mga estudyanteng nagtatrabaho habang nag-aaral. At panghuli, ang *emotion coding*, kung saan ang mga damdamin ay isinasaalang-alang.

Mula sa mga koda, inihanay ang magkakaugnay na ideya upang makabuo ng mga mas malalawak na tema. Ang mga tema ay hindi basta inihiwalay batay sa dalas ng banggit kundi ayon sa lalim ng kahulugan at lawak ng epekto sa buhay ng mga kalahok at sa kanilang obserbasyon sa mga estudyante. Upang tiyakin ang katumpakan ng interpretasyon, ibinahagi sa limang kalahok ang buod ng

kanilang kwento at ang mga temang nabuo. Ito ay upang matiyak na wasto ang interpretasyon na nabuo at wasto ang mga datos na nakolekta sa kanila.

Sa huling bahagi ng pagsusuri ng datos, ang mga temang nabuo ay inugnay sa teoretikal na lente ng pananaliksik at sa piling mga pananaliksik na may kaugnayan dito. Kung ito ay halimbawa'y nakaangkla sa McDonaldization ni George Ritzer (1993), susuriin kung paano sumasalamin ang mga karanasan ng mga guro sa mga prinsipyong efficiency, calculability, predictability, at control. Kung ito naman ay tumataliwas sa rasyunal na tahakin, sinuri ito batay sa kung papaanong umaangkop ito sa prinsipyo ng emotional labor ni Arlie Hochschild (1983). Sa ganitong paraan, lumalagpas ang datos sa simpleng paglalarawan at nagiging batayan sa mas malalim na pag-unawa sa istrukturang panlipunan at kultural. Layon din ng paglalapat na suriin kung ang mga konsepto ng teorya kung lapat ba sa pag-unawa sa kung papaano nahuhubog ang pananaw ng mga dalubguro. Dahil layunin ng pananaliksik na suriin at hamunin ang dayuhang teorya at aplikasyon nito sa lipunang Pilipino, ang mga resulta sumasang-ayon at humahamon sa mga toeryang naging gabay ay binigyang diin.

## RESULTA

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay nahahati sa tatlong pangunahing tema. Ito ay ang mga tema ng (1) pananaw ng mga dalubguro sa mga estudyanteng nagtatrabaho, (2) epekto ng personal at propesyunal na katangian sa pananaw sa mga estudyanteng nagtatrabaho, at (3) mga mungkahi ng mga dalubguro para sa makataong pegadohiya at sistematikong pagbabago.

### 1. Pananaw ng mga dalubguro sa estudyanteng nagtatrabaho: Pagitan ng Pagkilala at Paghusga

May kontradiksyon na lumitaw sa pananaw ng mga dalubguro sa kanilang mga estudyante. May mga dalubguro na kinikilala ang sakripisyo mga mga estudyanteng nagtatrabho, subalit may ilan ding tumitingin sa kanila bilang sagabal sa inaasahang kaayusan sa silid-aralan. Ang mga pananaw na ito ay hinati ko sa dalawang pangunahing parte: (a) pagkilala sa pagtatrabaho bilang sakripisyon at (b) pagtingin sa kanila bilang hindi prioridad ang akademikong pagganap.

(a) *Pagkilala sa Pagtatrabaho bilang Sakripisyo: "May Lakas ng Loob, May Tapang, at May Determinasyon"*

May mga dalubguro na nagpakita ng paghanga sa mga estudyanteng nagtatrabaho habang nag-aaral. Nakikita nila na isang prebelihiyo ang

pagiging isang purong estudyante. Para sa kanila, ang pagsasabay ng pagtatrabaho at pag-aaral ay isang mabigat na responsibilidad ng mga kabataan na dapat sana ay nakatuon sa pag-aaral. Kaya ang tingin ng ilan sa mga estudyanteng ito ay kahanga-hanga.

> "*Hindi biro ang magtrabaho sa gabi tapos papasok kinabukasan. Yung iba, halos hindi na natutulog pero andiyan pa rin. Para sa akin, may tapang talaga 'yang mga 'yan. Yung mga estudyante ako, sa simula pa lamang ng semester ay tinatanong ko na kung sino sa kanila ang working student. Nagbibigay ako ng konsiderasyon sa kanila dahil nga hindi naman patas ang mundo sa kanila. At least sa subject ko may laban sila. Pero hindi ko sila automatic na ipinapasa ha. Nagbibigay pa rin ako ng mga task para may pagbatayan yung grades nila sa akin."*

> *"Napakaswerte ng ibang estudyante, hindi nila kainakailangang magtabaho. Napakahirap kaya pagsabayin ng pagpasok sa klase pag galing ka trabaho. Magkakasakit ka nyan"*

> *"Hindi ko alam papaano henerasyon ngayon, pero kahit noon pa talagang napakahirap na magtrabaho habang nag-aaral. Kaya ako, kapag alam ko may working student sa klase, hinahayaan ko lang makatulog, at least hindi maingay."*

Ang mga ganitong pananaw ay nagbubukas ng pinto para sa posibilidad ng mas makataong pagtingin sa mga estudyanteng nagtatrabaho. Ito ay isang pananaw na sumasalungat mula sa mga karaniwang diskursong madalas na nagpapakilala sa mga estudyanteng nagtatrabaho bilang mga problematikong mga mag-aaral. Taliwas mula sa dominanteng diskurso, kinikilala ng ilang mga dalubguro ang mga estudyanteng nagsusumikap sa kabila ng hamon ng limitasyon sa kakayanang pampinansya. Sa ganitong mga pananaw, ang dalubguro ay makakakitaan na hindi lamang sila simpleng tagapaghatid ng kaalaman sa mga estudyante nila, kundi sila ay bahagi din ng pagbubuo ng espasyo ng pag-asa para sa mga estudyanteng gipit o hirap sa buhay. Makikita dito na may makataong damdamin at emotional labor na binabahagi ang ilang sa mga mga dalubguro na may ipapaabot na paghanga sa mga estudyanteng nagtatrabaho.

(b) *Pagtingin bilang hindi prayuridad ang akademikong pagganap. "Kung Hindi Mo I-prioritize ang Klase Ko, Bakit Kita I-pa-prioritize?"*

Kaakibat ng positibong pananaw ay ang negatibong pananaw na mahigpit na tumatalima sa rasyunalisayon. Para sa ibang dalubguro, ang pagtatrabaho ng mga estudyante ay nagreresulta sa pagkasira ng kanilang pag-aaral. Dahil sa limitasyon sa oras, ang pagtatrabaho ay direktang makakaapekto sa kanilang pagganap sa tungkulin nilang pang-akademiko.

> *"Kapag pinili mong magtrabaho, dapat tanggapin mong apektado ang pag-aaral mo. Hindi ko pwedeng i-prioritize ang estudyanteng hindi rin ipinaprioritize ang klase ko. Mahirap din kasi magbigay pa ng special quiz sa mga yan kung sa dami ba naman ng load at estudyante sabay sabay mo hinahawakan"*
> *"Normal naman na may mga working student kasi state university tayo. Madami talaga galing sa mahihirap. Pero kasi ang pagiging estudyante ay may kaakibat na responsibilidad. Kung hirap ka sa buhay at kailangan mo talaga magtrabaho, wag ka sa regular na system. Meron naman na mga open universities. Nakakasagabal lang kasi"*

Ipinapakita mula sa mga pananaw na sinipi na ang hindi pagiging bukas ng ibang dalubguro upang kilalanin ang personal na kinakaharap ng mga estudyanteng nagtatrabaho. Binibigyan nila ng diin dito ang usapin ng prioridad, na dapat mauna ang pag-aaral kaysa sa pagtatrabaho. Dito lumilitaw ang lohika ng Mcdonalization, kung saan pinapahalagahan ng ilang mga dalubguro ang *efficiency, control, calculability*, at *predictability* ng mga estudyante kaysa bigyan sila ng espesyal na pagtrato. Naiinternalisa ng mga dalubguro dito ang sistema, kung saan nakikita nila na makakadagdag sa kanilang gawain ang pagbibigay ng espesyal na pagtrato.

Ang ganitong pananaw ay tila sumasang-ayon at nagpapatibay sa sinabi ni Levi-Sudat at Neagu (2022), na ang kakulangan sa pagsasanay ng mga dalubguro para sa mga estudyanteng hindi nakakasunod na batayan ng ideyal na estudyante ay humahantong upang magkaroon ng negatibong pagtingin sa mga estudyanteng nagtatrabaho. Sa halip na bigyang pansin pa ang karanasan ng estudyante, ang pagtatasa na isinasagawa ng mga dalubguro ay nakabatay sa internalisasyon nila sa pangangailangang maging mabilis, epektibo, at patas.

Sa kabuuan, lumilitaw ang isang malinaw na kontradiksyon sa pananaw ng mga guro: may mga gurong kinikilala ang sitwasyon ng estudyante, ngunit may ilan ding nananatili sa isang rasyunal na pananaw kung saan ang hindi pag-akma ay agad na tinitingnan bilang kakulangan. Ang ganitong tensyon ay salamin ng mismong mga tensyon sa sistemang edukasyonal, kung saan ang sistema ay nakaangkla sa pamantayang teknikal, ngunit nangangailangan ng mas makatao at kontekstuwal na lente upang tunay na makasabay sa reyalidad ng mga estudyante sa laylayan.

**2. Epekto ng personal at propesyunal na katangian sa pananaw ng mga estudyanteng nagtatrabaho: Ang nagtutunggaling pananaw.**

Hindi monolitiko ang pananaw ng mga dalubguro kaugnay sa mga estudyanteng nagtatrabaho habang nag-aaral. Bagkus, ito ay nahuhubog sa mga karanasang personal, panlipunan, at propesyonal ng bawat guro. Sa pagsusuri sa kanilang edad, tagal ng pagtuturo, antas ng natamong edukasyon, at sariling karanasan bilang dating estudyante, lumitaw ang ilang pagkakaiba sa paraan ng pag-unawa at pagtrato sa mga estudyanteng nagtatrabaho. Subalit walang nakitang pagkakaiba batay sa kanilang kasarian. Ang pangalawang tema na ito ay nahahati sa bagay na naghuhubog sa kanilang nagtutunggaliang pananaw.

(a) *Edad: Empatiya ng Nakababatang Guro, Disiplina ng Nakatatanda*

Isa sa mga lumitaw na resulta mula sa mga kwento ay ang pagkakaiba ng pananaw ng mga dalubguro batay sa kanilang edad na kinabibilangan. Bagamat hindi lahat ng pananaw ng mga dalubguro na kabilang sa edad na kinabibilangan ay monolitiko, mapapansin na may pagkakapareho ang karamihan batay sa edad na kinabibilangan. Ang mga nakababatang guro (wala pang 31 taong gulang) ay kadalasang bukas sa ideya ng *academic flexibility*. Para sa kanila, natural lamang na magbago ang estilo ng pagtuturo ayon sa kalagayan ng mga mag-aaral. Ang pag-unawa ay isang mahalagang tungkulin ng guro, at hindi sapat ang pagsunod lamang sa mga patakaran.

*"Kailangan nating unawain na hindi lahat ay may parehong resources sa buhay,"*

*“Ako nagbibigay ako ng special activities sa mga working students. Pero hanggang dalawa lang para sa mga late nakakapagpasa. Nag-aapply din naman to kahit hindi sa working students”.*

Sa kabilang banda, ang mga mas nakatatandang guro (31 taong gulang pataas) ay kadalasang mas konserbatibo. Bagama’t hindi sila kulang sa simpatya, mas pinahahalagahan nila ang disiplina at accountability ng mga estudyante. Naniniwala silang bahagi ng edukasyon ang matutong sumunod sa mga pamantayan. Ngunit katulad ng mga nakababatang dalubguro, may mga ilan din sa nakakatandang guro na hindi ganoon kahigpit sa pagsunod sa mahigpit na mga patakaran. Ipinapakita lamang nito na bagama’t may pagkakapareho ang karamihan base sa kanilang edad, meron pa ring mga dalubguro na may kakaibang pananaw kahit kabilang sa mga partikular na grupo batay sa kanilang gulang.

*“Ganun talaga, mahirap talaga, pero hindi kami mag aadjust sa inyo. Kung pinili nyong magtrabaho, panindigan nyo”*
*“Mahirap din kasi na pagtapos mo mag check ng quiz e may biglang makikisuyo na mag take din ng quiz.”*

*(b) Kasarian: Walang Malinaw na Pagkakaiba sa Pananaw*

Bagama’t may lumitaw na pagkakaiba sa paraan ng pagpapahayag—kung saan ang ilang babaeng guro ay higit na tumutuon sa emosyonal at mental na kalagayan ng mga estudyante, habang ang ilang lalaking guro naman ay nagmumungkahi ng mga istruktural na reporma—hindi ito nangangahulugang may malinaw na pagkakaiba sa kanilang pananaw batay sa kasarian.

Kapwa babae at lalaking guro ay nagpapakita ng malasakit at pag-unawa sa kalagayan ng mga estudyanteng nagtatrabaho habang nag-aaral. Halimbawa, sinabi ng isang babaeng guro:

*“Minsan, kahit hindi na sila makapagpasa sa oras, naiintindihan ko kasi alam kong galing pa sila sa trabaho. Hindi lang sila estudyante, tao rin sila na napapagod.”*

Sa kabilang banda, dalawang lalaking guro naman ang nagsabi ng mga sumusunod:

*“Sa opinyon ko lang, hindi dapat kasama sa grading system ang attendance. Kung may estudyanteng nagtatrabaho, baka puwedeng i-adjust ang oras ng klase.”*

*"Yung ISO din kasi chinecheck nila yung syllabus. E papaano yung mga working students ng kung nakalagay na sa syllabus mo yung date ng mga quiz. Sagabal talaga yang ISO na yan e."*

Sa unang tingin, maaaring magmukhang magkaiba ang pananaw ng mga dalubguro dahil mas *relational* ang kababaihan at mas *sistemiko* sa naman ang mga kalalakihan. Ngunit ang mga pahayag na ito ay kapwa nakaugat sa layunin na mapagaan ang pinagdadaanan ng estudyante.

Dahil dito, ipinapahiwatig ng datos na ang kasarian ay hindi salik sa pagbubuo ng pananaw ng mga guro hinggil sa suliranin ng mga estudyanteng nagtatrabaho habang nag-aaral. Mas makabuluhang tingnan ang pananaw ng mga guro bilang bunga ng ibang mga salik

*(C) Taon ng Pagtuturo: Progresibong Bagito, Mapagmuning Beterano*

Sa kabuuan, ang mga gurong may mas maikling taon ng pagtuturo ay kadalasang mas progresibo ang pananaw. Para sa kanila, ang pagiging guro ay hindi lamang tungkol sa pagtuturo ng aralin kundi pag-unawa sa realidad ng mga mag-aaral. Ayon sa mga may mas maikling taon ng pagtuturo:

"*Responsibilidad natin na umangkop sa estudyante, hindi lang sila ang aangkop sa atin, Kung bibigyan ng konsiderasyon, hindi naman natin ikakamatay yun."*

"Hindi naman siguro sobrang bigat sa trabaho kung magiging considerate ka."

Sa kabilang banda, ang mga gurong may higit sa 10 taon sa serbisyo ay may tendensiyang sumunod sa nakasanayang polisiya ng Pamantasan o kaya naman, ng sarili. Ayun sa isang mas matagal nang nagtuturo:

*"Alam ko na mga diskarte ng mga yan. Akala mo lang busy mga yan pero makikita mo sa Facebook kung ano-ano lang ginagawa. Dati pa ako may nakikitang mga ganyang estudyante. Kung pagbibigyan mo palagi, masasanay,"*

Ipinapakita nito na may pagkakaiba sa pananaw ng mga dalubguro base sa haba o ikli ng taon ng pagtuturo. Ito ay marahil may kaugnayan na rin sa resulta kanina, kung saan ang mga mas nakababatang dalubguro ay mas bukas kaysa sa mga mas nakakatanda. Kadalasan, ang mga mas nakakatanda ay maymas mahaba na ring karanasan sa pagtuturo, dahilan upang magkaroon ng halos magkaugnay na resulta sa pananaw batay sa tagal ng pagtuturo sa kasalukuyang edad.

*(D) Antas ng Edukasyon: Praktikalidad ng Masterado, Malalim na Pagsusuri ng Doktorado*

Magkakaiba ang paraan ng mga dalubguro depende sa kanilang antas ng edukasyon. Ang mga nagtapos ng masterado ay madalas magbigay ng praktikal na tugon sa mga problema ng estudyanteng nagtatrabaho.

Sa kabilang banda, mapapansin na ang mga may **doktorado** ay kasalasang nagbibigay ng mas mahigpit na polisiya sa pagganap sa gawain akademiko May pagkakataon pa na nagagamit ang doktorado upang pangatawanan ang katwiran. Halimbawa, sinabi ng isang dalubguro na may doktorado na:

*"Sa mundong ito, ito pwedeng yung Prop mo mag-aadjust sayo lalo na kung sila mismo ay dumaan sa hirap para lang mapunta sa mga pwesto nila"*

*(E) Personal na Karanasan: Buhay na Empatiya Mula sa Dating Nagtrabaho habang nag-aaral.*

Ang pinakamatibay na salik na lumitaw ay ang personal na karanasan ng dalubguro bilang dating nagtrabaho. Sa 15 kalahok, apat ang may karanasang sabay na nagtrabaho at nag-aral. Ang kanilang empatiya ay hindi lamang galing sa sariling karanasan:

*"Hindi mo 'yan mararamdaman kung hindi mo dinaanan. Bawat piso ng pamasahe noon, iniipon ko." kwento ng isang guro.*

Samantala, ang mga guro na hindi dumaan sa parehong karanasan ay mas kadalasang may pananaw na nakabase sa prinsipyo at tagumpay sa kabila ng hirap.

Makikita rito ang agwat sa panlipunang karanasan ng mga guro. May mas empatiya ang mga dalubguro na "dumaan din sa hirap ng pagsasabay ng trabaho at pag-aaral."

Sa kabuuan, malinaw na ang pananaw ng mga guro sa mga estudyanteng nagtatrabaho ay hindi basta personal na opinion lamang. Ito ay nakaugat sa kanilang edad, karanasan, antas ng edukasyon, at karanasan. Lumilitaw dito ang tensyon sa pagitan ng pagpapanatili ng pamantayan at ng pagsasapraktika ng empatiya.

**3. Mungkahi: Makataong Pedagohiya o "Maayos" na Estudyante?**

Natanong ang mga dalubguro kaugnay ng kung ano ang kanilang mungkahi upang pakitunguan ang mga estudyanteng nagtatrabaho at lumitaw ang dalawang magkaibang mukhahi. ang una ay makatao, inklusibo, at kontekstuwal, at ang ikalawa ay nakasandig sa lohika na nakatuon sa efficiency, *standardization*, at *control*. Ang dalawang pananaw ay parehong nagmumula sa layuning makatulong sa mag-aaral, ngunit nagkakaiba sa pananaw sa tagumpay at sa papel ng guro sa pagbibigay konsiderasyon.

*(a) Akademikong Pag-angkop: Espasyo para Umangkop, o Isang Prebelihiyo?*

May mga guro na naniniwala na dapat may akademikong pag-ankop bilang paraan upang pakitunguhan ang mga estudyanteng nagtatrabaho. Kabilang dito ang pagkakaroon ng *asynchronous classes* at flexible na class activities. Para sa kanila, Dapat matutunan ng mga dalubguro na umangkop sa nagbabagong lipunan, kung saan mas nagiging normal na ang pagtatrabaho ng mga estudyante. Ayon sa isang dalubguro:

*"Sa ngayon kasi madali na lang makahanap ng trabaho. Marunong ka lang mag English matatanggap ka na sa call center. Kung madami na nagtatrabaho, dapat may training din mga proposer para sa mga working students."*

Sa kabilang banda, may mga dalubguro rin na naniniwala na ang tradisyunal na kolehiyo ay nangangailangan ng tamang pagbibigay ng prioridad. Kaya imunumungkahi ng ibang dalubguro na huwag ipilit ang sarili sa tradisyunal na kolehiyo at iminumungkahi ng ilan na dapat doon sila pumasok sa kung saan sila magiging maayos para hindi umano masira yung desinyo ng pagtuturo nila. Tulad ng sinabi ng isang *dalubguro na:*

*"Kung nagagawa ng ibang working student ang lahat, bakit hindi niya kaya? Kung hindi nila kaya, mayroon naman na Open Universities na pwedeng doon sila mag-aral. Kasi sa totoo lang, dagdag trabaho sila sa amin"*

Ito ay kaayon ng prinsipyo ng *calculability* at efficiency sa McDonaldization kung saan ang pagganap ay nais sukatin sa magkaparehong pamantayan upang mas maging epektibo ang pagtuturo.

*(B) Kalusugang Mental: Pakikinig o Pagkontrol?*

May mga dalubguro na nagpapanukala ng emosyonal na suporta noong natanong sila kaugnay ng kalusugang mental ng mga estudyanteng nagtatrabaho.

Naniniwala ang karamihan sa kanila na dapat ang mga estudyanteng nagtatrabaho ay mas bigyang atensyon ang kalusugang mental. Ayon sa isang dalubguro:

*“Meron akong estudyanteng ganyan. Dapat talaga mas sila yung unahin ng university. Actually, dapat i-require nga sila na may mental health check-up kada buwan kaso kasi ang mga mahal din sa ibang clinic. Pero dapat meron talaga”*

Makikita dito na sa kabila ng magkaibang pananaw ng mga dalubguro sa maraming bagay, kapag sa usapin na ng kalusugang mental,mayroon silang halos magakakaparehong pag-unawa sa kahalagahan nito lalo na sa hanay ng mga estudyanteng nagtatrabaho. Lumalabas dito na may pagtaliwas din sa pagsasakatuparang ng predictability at control na kadalang dominante sa Mcdonaldized na edukasyon. Mapapansin din na may panukala sila na dapat maging bahagi ito ng polisiya ng Pamantasan nila.

*(C) Panlipunang Reporma: Panlipunang Pananagutan o Pananatili ng Tradisyunal na Pamantayan?*

May mga guro rin na tumawid mula sa personal na malasakit patungo sa panawagan ng panlipunan na reporma. Inilantad nila ang pangangailangan sa evening classes, part-time programs, at mas inklusibong polisiya. Sinasabi din ng ilan na kailangang kilalanin ng lipunang Pilipino mismo na dapat pantay ang maging trato sa mga estudyanteng nagtapos sa mga *flexible learning* upang hindi na kailangang ipilit pa ng ilan ang tradisyunal na kolehiyo.

*“Para sa akin, dapat mas paramihin pa ang mga night school at mga open u. Kasi diba tayo nga parami nang parami inooffer natin. Siguro maganda makita ng CHED yung sitwasyon na graduate na ng senior high mga yan at ready na talaga magtrabaho kaya magtatrabaho mga yan lalo na pag mahirap”*

Naniniwala ang mga dalubguro na dapat may gawing hakbang upang magkaroon ng pagbabago sa umiiral na sistema ng edukasyon para sa mga estudyanteng kinakailangang magtrabaho. Hindi sapat na mayroon lamang guro na nagbibigay ng konsiderasyon dahil normal ang pagkakaiba ng mga dalubguro mula sa kanilang mga katangiang personal at karanasan.

## TALAKAYAN

Ang McDonaldization ni Ritzer (1993; 2011) ay isang kapaki-pakinabang na lente upang unawain ang pananaw ng mga dalubguro sa mga estudyanteng nagtatrabaho habang nag-aaral. Sa sistemang pang-edukasyon kung saan umiiral ang mga prinsipyong *efficiency*, *calculability*, *predictability*, at *control*, ang mga

estudyanteng nagtatrabaho ay kadalasang lumilihis sa ideyal na huwaran ng isang “mabisang” estudyante.

Makikita sa resulta na ang ilang guro ay nakapaloob pa rin sa ganitong balangkas. Halimbawa, ang kahingian sa *efficiency* ay nagiging batayan ng pagkabigo ng estudyanteng madalas ma-late, lumiban, o hindi makapagsumite ng asignatura sa takdang panahon. Ang *calculability* naman ay makikita sa pagbibigay-halaga sa dami ng requirements na naipasa at bilang ng pagdalo sa klase bilang sukatan ng pagganap. Ito ay isang sukatan na hindi laging sumasalamin sa tunay na pagsusumikap ng estudyanteng may trabaho (Loboda & Welskop, 2023).

Ang *predictability*, o ang inaasahang standard na kilos ng mag-aaral (laging handa, laging nasa oras, laging present), ay tumutulak sa ilang guro upang makabuo ng negatibong pananaw sa mga working students na hindi maaasahan sa parehong paraan. Sa ganitong konteksto, pinapalakas ng institusyon ang *control* sa pamamagitan ng polisiya, grading systems, at uniform standards, na maaaring humadlang sa mga guro na magpakita ng flexibility o empatiya (Azim et al., 2021; Paulsrud & Nilholm, 2020).

Gayunpaman, hindi lubos na naipapaliwanag ng McDonaldization ang kabuuan ng mga pananaw ng mga guro. May mga gurong malinaw na lumilihis sa rasyonal at mekanikal na kaayusan na inilalarawan ni Ritzer at mas pumapaling sa pagbibigay ng emotional labor sa kanilang trabaho. Sa halip na pairalin ang *control*, isinulong ng ilan ang makataong polisiya gaya ng deadline extension, pagbawas ng asignatura, pagbibigay ng emosyonal na suporta, at iba pang porma ng konsiderasyon. Sa ganitong mga kaso, nalalampasan ng guro ang lohika ng efficiency at predictability. Makikita na ang ibang dalubguro ay mas pinipiling gamitin ang emotional labor upang pinapahalagahan nila ang sitwasyon ng ibang estudyante kaysa sa pormalistikong pamantayan.

Ipinapahiwatig ng pananaliksik na ito na may limitasyon and McDonaldization at may mga dalubguro na mas pinipiling gamitin ang kanilang emotional labor sa pakikitungo sa mga estudyanteng nagtatrabho. Hindi ganap na naisasalarawan ng McDonaldization ang *pagsalungat*, *empatiya*, at *moral agency* ng mga dalubguro na nagsisikap magbukas ng alternatibong espasyo sa loob ng isang highly standardized na sistema. Ipinapakita ng saliksik na ito na habang ang McDonaldized na edukasyon ay may epekto sa mga pananaw ng guro, hindi ito deterministik. Ang mga dalubguro ay may kakayahang mag-navigate, mag-reframe, at mag-contest sa sistemang ito. Mula dito, lumilitaw ang posibilidad ng makatao at socially responsive na pedagohikal na praktika sa mga dalubguro.

Ipinapakita nito na ang emotional labor na inilalaan ng mga dalubguro ay hindi lamang simpleng nagpapakita ng kabaitan o propersyonalismo ng mga ito, bagkus ito ay isang porma ng etikal ng pagkilos. Sa pamamagitan ng kanilang emotional labor, kung saan mas pinipili ang pag-unawa ng ilang dalubguro kaysa sa paghusga, sila ay nakakagawa ng makataong puwang sa loob ng rasyunalisado at mekanikal na estruktura ng edukasyon. Kaya't gaman ang McDonalization ay naglalarawan gn sistematikong pamantayan, ipinakita ng lente ni Hoshcild na may kakayahan pa rin ang mga dalubguro na i-exercise ang kanilang human agency.

**KONKLUSYON**

Nagbigay-linaw ang pagnanaliksik na ito sa dinamikong ugnayang sa pagitan ng rasyunalisadong edukasyon at ng emotional labor ng mga dalubguro. Kinukumpirma ng naging resulta mula sa mga kwento na bagama't umiiral ang mga prinsipyo ng efficiency, calculability, predictability, at control sa sistemang pang-edukasyon, ang impluwensya nito ay hindi ganap na deterministiko. Makikita dito na ang emotional labor ng mga dalubguro ay nagsisilbing isang porma ng moral agency na humahamon sa rasyunalisasyon.

Sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga hakbang na makakapagpagaan sa kalagayan ng estudyanteng nagtatrabaho, posibleng matagumpay na malampasan ng ilang mga dalubguro ang mekanikal at rasyunalisadong lohika ng McDonaldized na edukasyon. Sila ay gumagampan ng susing papel na maaaring magbukas ng makatao sa sosyal na espasyo upang magkaroon ng priyoridad sa pag-unawa sa sitwasyon ng mga mag-aaral kaysa sa pormalistikong pagsunod sa mga pamantayan. Sa huli, ipinapahiwatig ng pananaliksik na ito na may kakayahan ang mga dalubguro na gamitin ang kanilang human agency upang makapagbigay ng socially responsive at makataong pedagohikal na praktika, na pwedeng humamon sa McDonalization sa sistema ng edukasyon.

**REKOMENDASYON**

Batay sa mga naging resulta ng pananaliksik, iminumungkahi ang pagsusulong ng empatiya, kung saan maaaring ipagpatuloy na i-ehersisyo ang moral agency sa pamamagitan ng pag-unawa sa kalagayan ng mga estudyanteng nagtatrabaho. Piliin ang pagkakaroon ng empatiya kaysa sa mekanikal na pagtatasa sa mga mag-aaral. Bukod dito, mahalaga din na magkaroon ng mga pagsasanay at suporta ang mga Pamantasan para sa gawaing emosyonal. Dapat magbigay ng mga seminar o workshop na nagpapahalaga at nagtuturo kung paano mapapanatili ang empatiya sa kabila ng mahirap na kinakaharap ng mga dalubguro. At pang huli, kinakailangang lumikha ng sitwasyon ang

mga Komisyon ng Mataas na Edukasyon at mga Pamantasan sa bansa upang mabawasan ang bigat ng gawaing ginagampanan ng mga dalubguro. Kung ito ay mangyayari, maaaring makapagbukas ito ng pinto upang mas lalong mahikayat ang mga dalubguro na magkaroon ng empatiya sa mga mag-aaral na may mga kinakaharapsa buhay,kung saan kinakailangang maghanap-buhay habang nag-aaral.

## MGA SANGGUNIAN

Andrade C. (2021). The Inconvenient Truth About Convenience and Purposive Samples. *Indian journal of psychological medicine*, *43*(1), 86–88. https://doi.org/10.1177/0253717620977000

Azim, M. U., Hussain, Z., Bhatti, A. M., & Iqbal, M. (2021). McDonaldization of education in Pakistan: A step towards dehumanization. *International Journal of Innovation, Creativity and Change*, *15*(2), 858-869.

Bantillo, R. B., & Ngag, J. B. J. U. (2024). Changing Landscape of Filipino Education: Teachers' Perspectives on Traditional vs. Modernized Approaches to Teaching Filipino. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(6), 2409–2420. https://doi.org/10.17613/2k2s-1z02

Bonefeld, M., Kleen, H., & Glock, S. (2021). The Effect of the Interplay of Gender and Ethnicity on Teachers Judgements: Does the School Subject Matter? *The Journal of Experimental Education*, *90*(4), 818–838. https://doi.org/10.1080/00220973.2021.1878991

Candelasa, L. ., Talledo , A., Villarante, J. ., Apawan, R. M., & Evardone, H. (2024). Preferred Time Management Techniques Among Working Students. *International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence (IMJRISE)*, *1*(5), 197-206. https://risejournals.org/index.php/imjrise/article/view/383

Drăghici G.L. & Cazan A.M. (2022). Burnout and Maladjustment Among Employed Students. *Front. Psychol.* ١٣:٨٢٥٥٨٨. doi: 10.3389/fpsyg.2022.825588

Fallesen, D. (2021). How COVID-19 Impacted Vulnerable Communities in the Philipppines. East Asia & Pacific on the Rise. https://blogs.worldbank.org/en/eastasiapacific/how-covid-19-impacted-vulnerable-communities-philippines

Gibbs, G. R. (2007). Thematic coding and categorizing. *Analyzing qualitative data*, *703*(38-56).

Hochschild, A. (1983). The managed heart: Commercialization of human feeling. Berkeley:University of California Press.

Hugh-Jones, S. (2010). The interview in qualitative research. *Doing qualitative research in psychology*, 77-97.

Keller, T. (2024). Teachers' perceptions of students' school performance: the impact of classroom composition. Evidence from a survey experiment. *Education Economics*, 1–17. https://doi.org/10.1080/09645292.2024.2372558

Levi-Sudai, Pazit, and Gabriela Neagu. (2022). The attitudes of teachers towards disadvantaged young students: Israel–Romania comparative analysis." *Sustainability* ١٤,١٩ **https://doi.org/10.3390/su141912468**

Loboda, S., & Welskop, W. (2023). Mcdonaldization of school socialization. *Transformacje Pismo interdyscyplinarne*, (4 (119)

Makoelle, T. M. (2022). Teacher empathy: a prerequisite for an inclusive classroom. In *Encyclopedia of teacher education* (pp. ١٨٤٣-١٨٣٨). Springer, Singapore.

Paulsrud, D., & Nilholm, C. (2020). Teaching for inclusion – a review of research on the cooperation between regular teachers and special educators in the work with students in need of special support. *International Journal of Inclusive Education*, *27*(4), 541–555. https://doi.org/10.1080/13603116.2020.1846799

Philippine Statistics Authority. (2024, June). Highlights of the 2021/2022 Integrated Survey on Labor and Employment (ISLE) Module on Establishments' and Workers' Productivity During the COVID-19 Pandemic: CY 2021 and Julyt 2021 to June 2022. https://psa.gov.ph/statistics/isle/node/1684063903

Ritzer, G. (1993). The McDonalization of Society: An investigation into the changing character of contermporary social life. Newbury Park, CA: Pine Forge Press.

Ritzer, G. (2011). The McDonaldization of society 6 (6th ed.). Pine Forge Press/ Sage Publications Co.

Ritzer, G. (2021). The McDonalization of Society. (10th edition, Intro the Digital Age). Thousand Oaks, CA: Pine Forge Press.

Sevilla, J.C. (1982). Indigenous Research Methods: Evaluation First Returns, Nasa R. Pe-Pau (Pat.). Sikilohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit. Quezon City. Surian ng Sikolohiyang Pilipino, 221-232.